

Pagbibilang ng Propesiya –

Ano ang Susunod?

Aralin 2: Ang Propetikong Panaginip ng Hari

Isang Kamangha-manghang Katotohanan: Ang Sinaunang Babilonya ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa kasaysayan ng mundo. Ito ay naging sentro ng maagang matematika, astronomiya, at teknolohikal na inobasyon. Ang mga Babilonyo ang nakaimbento ng gulong para sa mga karitong pangtrabaho at karwahe, ang bangkang may layag para sa pangangalakal sa Ilog Euphrates, at ang pagsusulat ng cuneiform para sa mga talaan. Nilikha rin ng Babilonya ang isang natatanging sistema ng numero batay sa kalendaryong lunar na may 360 araw sa isang taon, 30 araw sa isang buwan, at mga yunit para sa pagsukat ng oras batay sa bilang na 60. Ito ang dahilan kung bakit hinahati natin ang oras sa 60 minuto at ang minuto sa 60 segundo. Hinati rin ng mga Babilonyo ang kalangitan sa 36 konstelasyon, kaya’t sinasabi natin na may 360 degree sa isang bilog. Kapansin-pansin, ang banal na parisukat ng Babilonya ay binubuo ng 6 na kahon sa bawat panig, na may kabuuang 36 na bahagi. Kung pagsasamahin ang mga bilang mula 1 hanggang 36, ito ay magreresulta sa kabuuang 666.

Ang Babilonya ay nasa ruok ng kapangyarihan sa ilalim ng pamumuno ng huli nitong dakilang hari, si Nebuchadnezzar II, na nagpatayo ng maalamat na Hanging Gardens para sa kanyang asawa. Sinasabi ng mga istoryador na ang 40-paa taas na mga pader ng kabisera ay pumapaligid sa 200 milya kwadrado at sapat na ang lapad para sa mga karera ng karwahe sa ibabaw!

Ang malawak na kaharian ng Babilonya ay marangya at maunlad, subalit ang hari ay nababahala sa kanyang maringal na higaan nagtataka hanggang kailan tatagal ang kanyang ginintuang panahon. Sa kanyang isipan ang mga bumabagabag na katanongan, ang makapangyarihang monarko ay unti-unting nakatulog. Nang gabing iyon, isang malinaw na panaginip ang sumagi sa kanyang isipan—isang napakataas na idolong yari sa iba’t ibang uri ng mineral na hindi niya kailanman nakita.

Alam niyang ito’y hindi isang karaniwang panaginip, kaya’t hinagis ng hari ang kanyang burdadong kumot sa gilid at inutusan ang kanyang mga lingkod na ipatawag agad ang lahat ng kanyang mga salamangkero at astrologo. Desperado siyang maunawaan ang panaginip na ito! Hindi niya alam na ito’y may kinalaman sa propesiya hanggang sa ating panahon. Alamin natin ang higit pa ...

Punan ang puwang. Gamitin ang iyong Bibliya upang hanapin ang nawawalang salita at punan ito...

1. Bakit ibinigay ng Diyos ang panaginip na ito sa hari ng Babilonya?

Daniel 2:28 *Nguni't may isang Dios sa langit na naghahayag ng mga _____, at siyang nagpapaaninaw sa haring Nabucodonosor kung ano ang mangyayari sa mga _____.*

PALIWANAG: Sa panaginip ng hari tungkol sa imaheng gawa sa iba't ibang mineral, inilarawan ng Diyos ang pagbangon at pagbagsak ng mga imperyo na direktang makakaimpluwensya sa Kanyang bayan sa loob ng mga darating na milenyo.

2. Nang hindi magawang ihayag at ipaliwanag ng mga tagapayo ng hari ang panaginip, ano ang iniutos ni Nabucodonosor?

Daniel 2:12 *Ang hari ay... nagutos na _____ ang lahat na pantas na tao sa Babilonia.*

PALIWANAG: Ang ilan sa mga astrologo at salamangkero ng Babilonya ay nagtatangkang magtaglay ng mahimalang kapangyarihan, ngunit nang hindi nila maibunyag ang panaginip sa hari, nalantad silang mga walang kapangyarihang impostor. Kung sinabi ng hari sa kanila ang panaginip, sila'y maglalathala lamang ng pekeng interpretasyon. Sa kanyang pagkagalit, iniutos ni Nabucodonosor na patayin ang lahat ng mga pantas na tao — pati na ang mga hindi naroroon.

Kabilang sa mga wala sa unang pagpupulong kasama ang hari ay isang makadiyos na bihag na nagngangalang Daniel, na kamakailan lamang ay sinanay para sa paglilingkod sa hari.

3. Nang malaman ni Daniel ang dekretong kamatayan, ano ang kanyang hiniling sa hari, at ano ang sinabi niya sa kanyang mga kaibigan?

A. Daniel 2:16 *At si Daniel ay pumasok, at humiling sa hari na _____, at kaniyang ipaaaninaw sa hari ang _____.*

B. Daniel 2:17, 18 *Nang magkagayo'y naparoon si Daniel sa kaniyang bahay, at _____ ang bagay kay Ananias, kay Misael, at kay Azarias, na kaniyang mga kasama: Upang sila'y magsipagnais ng kaawaan sa Dios ng langit tungkol sa _____ na ito.*

PALIWANAG: Humiling si Daniel ng kaunting panahon kay Nabucodonosor at nangakong ipapahayag niya ang panaginip at ang kahulugan nito. Ang hari, na sabik pa ring malaman ang kahulugan ng kanyang pangitain, ay pumayag sa hiling ni Daniel.

Pagkatapos, si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay lumapit sa nag-iisang makakapagpahayag ng panaginip ng hari—sila'y nanalangin sa Diyos ng langit.

4. Ano ang nangyari bilang tugon sa panalangin ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan, at kanino nila ibinigay ang kredito?

Daniel 2:19 *Nang magkagayo'y _____ ang lihim kay Daniel sa isang pangitain sa gabi. Nang magkagayo'y pinuri ni Daniel ang Dios sa langit.*

Daniel 2:28 *Nguni't may isang Dios sa langit na _____ ng mga lihim.*

PALIWANAG: Nang gabing iyon, bilang tugon sa taos-pusong panalangin ng mga kabataang Hebreo, ipinahayag kay Daniel ang parehong panaginip na nakita ni Nabucodonosor. Bukod pa rito, ipinahayag kay Daniel ang kahulugan ng panaginip.

Ang pagbangon at pagbagsak ng mga imperyo ay tila nangyayari ayon sa kagustuhan ng tao, ngunit ang panalangin ng papuri ni Daniel ay nagpapahayag ng diwa ng banal na pamamagitan. Walang nangyayari nang hindi alam at walang pihintulot ng Diyos. Minsan ay maaaring hindi natin maunawaan ang mga pangyayari sa ating mundo ngayon, ngunit nakakapagbigay ng kapanatagan na malaman na ang Diyos ay nananatiling makapangyarihan. Si Daniel lamang ang nakapagpahayag ng panaginip sa hari, ngunit malinaw niyang ibinigay ang kredito sa Nagpahayag nito sa kanya—ang Diyos ng langit.

5. Ano ang dalawang pangunahing bagay na sinabi ni Daniel na nakita ng hari sa kanyang panaginip?

A. Daniel 2:31 *Ikaw, Oh hari, nakakita, at narito, ang isang malaking _____.*

B. Daniel 2:34 *Iyong tinitingnan hanggang sa may natibag na _____, hindi ng mga kamay,*

PALIWANAG: Ang unang nakita ng hari ay isang napakalaking imahen na gawa sa mga sumusunod na na elementong mineral:

1. Ang ulo ay yari **sa ginto**.
2. Ang dibdib at mga bisig ay yari **sa pilak**.
3. Ang tiyan at mga hita ay yari **sa tanso**.
4. Ang mga binti ay yari **sa bakal**.
5. Ang mga paa ay yari **sa bakal at luwad**.

Pagkatapos, nakita ng hari ang isang bato na nahugot na walang kamay na nagputol nito.

Sa puntong ito, malamang na nakaupo na si Haring Nabucodonosor sa gilid ng kanyang trono, sabik na malaman kung ano ang kahulugan ng panaginip. Nagpatuloy si Daniel sa pagpapaliwanag ng interpretasyon ayon sa ipinahayag sa kanya ng Panginoon, at mabuting sundin natin ito tulad ng kung paano ito ibinigay. Ang tanging ligtas na paraan upang maunawaan ang Bibliya at ang mga propesiya nito ay hayaan ang Bibliya na ipaliwanag ang sarili nito.

6. Ano ang kinakatawan ng ulo ng ginto?

Daniel 2:38 *ikaw ang _____ na ginto.*

PALIWANAG: Ang hari ay itinuturing na ulo ng estado. Ito ang dahilan kung bakit kinakatawan ni Nabucodonosor ang Babilonya, ang imperyo na nagsimula ng propesiya. Ang Babilonya, na tinatawag ding Imperyong Kaldeo, ay naghari sa mundo mula noong humigit-kumulang 612 hanggang 539 BC bilang isa sa mga pinakamakapangyarihang imperyo ng sinaunang panahon—isang imperyo na maaaring ilarawan bilang ulo ng ginto. Pansinin na ang propesiya ay nagsisimula sa panahon ni Daniel.

7. Magiging walang hanggan ba ang kaharian ng Babilonya?

Daniel 2:39 *At pagkatapos mo ay babangon ang _____ kaharian na mababa sa iyo.*

PALIWANAG: Ang kataasan ng Babilonya ay hindi magtatagal magpakailanman. Ang mga susunod na kaharian, na mas mababa sa Babilonya, ay maghahari sa kanilang panahon. Tulad ng pilak na mas mababa kaysa sa ginto, ang kaharian na sumunod sa Babilonya ay nagtamasa ng mas kaunting kaluwalhatian. Sa pamumuno ni Cyrus noong 539 BC, Sinakop ng Imperyong Medo-Persiano ang Babilonya at giniba ito hanggang sa maging mga guho. Ang Medo-Persia ay naging pangunahing kapangyarihan sa mundo mula 539 hanggang 331 BC. Sa panahon ng kanilang paghahari, lahat ng buwis ay kailangang bayaran sa pilak.

8. Anong metal ang kumakatawan sa kaharian na sumunod sa Medo-Persia?

Daniel 2:39 *Att ang ibang ikatlong kaharian na _____ na magpupuno sa buong lupa.*

PALIWANAG: Ang kahariang tanso ng Gresya ay umangat sa kapangyarihan nang talunin ni Alexander the Great ang mga Medo-Persiano sa Labanan sa Arbela noong 331 BC. Ang Gresya ay nanatili sa kapangyarihan hanggang humigit-kumulang 168 BC. Ang mga sundalong Griyego ay tinawag na 'balot sa tanso' dahil ang kanilang baluti ay gawa sa tanso. Pansinin na bawat kasunod na mineral na inilalarawan sa imahe ay mas mababa ang halaga, ngunit mas matibay kaysa sa nauna.

9. Anong metal ang kumakatawan sa ika-apat na kaharian?

Daniel 2:40 *At ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang _____.*

PALIWANAG: Ang monarkiya ng bakal ng Roma ay tumalo sa mga Griyego noong 168 BC at nagtamasa ng kapangyarihan sa buong mundo hanggang sa masakop ang Roma ng mga Ostrogoth noong AD 476. Ang Roma ang kaharian na nagdomina sa mundo nang ipanganak si Jesucristo. Pansinin kung paano ipinahayag ni Daniel ang isang libong taon ng kasaysayan ng mundo nang may walang pag-aalinlangang katumpakan. Ang pagbangon at

pagbagsak ng apat na imperyo ng mundo—Babilonya, Medo-Persia, Gresya, at Roma—ay malinaw na ipinropesiya sa Bibliya at pinatunayan ng mga aklat ng kasaysayan.

10. Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagbagsak ng Imperyong Romano?

Daniel 2:41, 42 *Gagiging kahariang _____; ... At kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay putik, magkakagayon ang kaharian na ang isang bahagi ay matibay, at isang bahagi ay marupok.*

PALIWANAG: Nang nagsimulang bumagsak ang Imperyong Romano noong AD 476, hindi ito sinakop ng isa pang pandaigdigang kapangyarihan. Sa halip, ito ay nasakop at hinati-hati ng mga tribong barbaro—tulad ng ipinropesiya ni Daniel. Sampu sa mga tribong ito ang naging modernong Europa. Sila ay ang mga Ostrogoth, Visigoth, Franks, Vandals, Alemanni, Sueves, Anglo-Saxon, Heruli, Lombards, at Burgundians. Pito sa kanila ay umiiral pa rin ngayon sa Europa. Halimbawa, ang mga Anglo-Saxon ay naging mga Ingles, ang mga Franks ay naging mga Pranses, ang mga Alemanni ay naging mga Aleman, at ang mga Lombards ay naging mga Italyano.

Hindi dapat palampasin na ang pangunahing materyales sa konstruksyon sa mundo ngayon ay kongkreto. Ang isang propeta sa panahon ni Daniel ay maaring kilalanin ito bilang bakal na hinaluan ng luwad.

11. Magtatagumpay ba ang mga sampung kaharian sa kanilang pagsasama?

Daniel 2:43 *sila'y magkakahalo ng lahi ng mga tao; nguni't _____, gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik.*

PALIWANAG: Sa pamamagitan ng kasal, alyansa, at mga kasunduan, sinubukan ng mga tao na muling pag-isahin ang kontinente ng Europa sa ilalim ng isang pamumuno. Sa buong kasaysayan, ang mga lider tulad nina Charlemagne, Napoleon, Kaiser Wilhelm, Mussolini, at Hitler ay nakipaglaban upang magtayo ng bagong imperyo sa Europa; ngunit ang mga salitang ito ng Kasulatan ay pumigil sa bawat nagtatangkang pinuno ng mundo.

Sinasabi ng Pahayag 13 na magkakaroon ng isa pang pagtatangka na magtatag ng isang pandaigdigang relihiyon, ngunit malinaw na sinasabi ng propesiya ni Daniel na ang mundo ay mananatiling politikal na nahahati sa nalalabi pang kasaysayan.

12. Sino ang magtatatag ng huling kaharian?

Daniel 2:44 *At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay ang _____ sa _____ ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man.*

PALIWANAG: Ang susunod na dakilang pandaigdigang kaharian ay ang kaharian ng langit, na inilarawan sa Mateo 25:31–34.

13. Ano ang ginawa ng bato sa iba pang mga kaharian ng mundo?

Daniel 2:34, 35 *May natibag na isang bato, hindi ng mga kamay, na _____ sa larawan sa kaniyang mga paang bakal at putik na luto, at mga yao'y binasag. ... at ang bato na tumama sa larawan ay naging malaking _____, at pinuno ang buong lupa.*

PALIWANAG: Ang bato na nahugot nang walang kamay ng tao ay kumakatawan sa kaharian ng Diyos. Ito ay hindi magiging pagsasama-sama ng mga kaharian sa lupa, kundi isang ganap na pagpapalit (Pahayag 21:1). Ipinahayag ng Kasulatan na kapag bumalik si Jesucristo sa lupa, lubos Niyang wawasakin ang lahat ng mga kaharian ng mundo at magtatatag ng isang walang hanggang kaharian (Daniel 2:44). Napaka-kapana-panabik na balita! Lahat ng kasaysayan ay patungo sa ruok na wakas na ito, kapag ang Anak ng Diyos ay babalik sa kaluwalhatian upang itatag ang kaharian ng walang hanggan at katuwiran.

Maaaring iniisip ni Haring Nabucodonosor na natalo niya ang tunay na Diyos nang sakupin niya ang Jerusalem at looban ang templo (Daniel 1:1, 2), ngunit agad niyang natutunan na ang Diyos ay namumuno sa lahat. Ang mga pangyayari sa tao ay nasa ilalim ng Kanyang kontrol, at sa huli, Siya ang magwawagi sa labanan. Ang Babilonya, Medo-Persia, Gresya, Roma, at ang sampung paghahati ng Europa ay maaaring naghangad na agawin ang banal na awtoridad at sirain ang bayan ng Diyos, Ngunit sa kalaunan, ang lahat ng mga kaharian ng mundo ay wawasakin ng pagdating ni Cristo.

14. Pagkatapos marinig ang malinaw na interpretasyon ng panaginip ni Daniel, ano ang sinabi ni Nabucodonosor tungkol sa Panginoon?

Daniel 2:47 *Ang hari ay sumagot kay Daniel, at nagsabi, Sa katotohanan ang inyong Dios ay _____ ng mga _____, at Panginoon ng mga hari, at tagapaghayag ng mga lihim, yamang ikaw ay nakapaghayag ng lihim na ito.*

PALIWANAG: Nang makita na ang Diyos ay may ganap na kontrol sa mga pangyayari sa mundo, agad na tinanggap ni Nabucodonosor na ang Diyos na pinaglilingkuran ni Daniel ay higit sa lahat ng mga diyos ng Babilonya. Napakabilis ng pagbabago ng kalagayan! Dahil sa kanilang katapatan sa Diyos, sina Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay itinaas mula sa kanilang unang pagkakabihag sa Babilonya tungo sa mga kilalang posisyon ng pamumuno sa kaharian (Daniel 2:48, 49). Palaging pinararangalan ng Diyos ang mga pumaparangal sa Kanya (1 Samuel 2:30).

ANG INYONG TUGON

Sa pagkilala na ang Diyos ay may ganap na kontrol sa mga pangyayari sa lupa, handa ka bang ipagkatiwala ang ganap na kontrol sa iyong buhay sa Kanya?

TUGON: _____

KARAGDAGANG PAG-AARAL

Estatua ni Nabucodonosor

Ginto = Babilonya

Ang ulo ng ginto ay kumakatawan sa Babilonya, na siyang namumuno sa mundo mula 612 hanggang 539 BC.

Pilak = Medo-Persia

Ang dibdib na yari sa pilak ay kumakatawan sa Medo-Persia, ang imperyo ng mundo mula 539 hanggang 331 BC.

Tanso = Gresya

Ang mga hita na yari sa tanso ay kumakatawan sa Gresya, ang nangingibabaw na tagapamahala ng mundo mula 331 hanggang 168 BC.

Bakal = Roma

Ang mga binti na yari sa bakal ay kumakatawan sa Roma, na nagtamasa ng kapangyarihan sa mundo mula 168 BC hanggang AD 476.

Bakal at Luwad = Nahating Imperyo

Ang mga paa na bahagyang gawa sa bakal at bahagyang gawa sa putik ay kumakatawan sa isang hati-hating imperyo na hindi magkakaisa. Wala pang nag-iisang kapangyarihan ang namahala sa mundo mula noong taong 476 AD, at mananatiling nahahati hanggang sa pagbabalik ni Cristo.

Bato = Walang Hanggang Kaharian ni Cristo, Ang Kanyang Salita, at Kanyang Batas

Copyright © 2025 ng Amazing Facts International. Lahat ng karapatan ay nakalaan. P.O. Box 1058, Roseville, CA 95678 | amazingfacts.org | 800-538-7275 | Malibang ibang paliwanag ang ibibigay, ang mga sipi mula sa Kasulatan ay kinuha mula sa New King James Version®, Copyright © 1982 ng Thomas Nelson, Inc. Ginamit nang may pahintulot.

Ang bersyon ng Bibliya sa Filipino na ginamit upang sagutin ang mga tanong ay ang Dating Biblia 1905.